Light Reading: customer newsletter mula sa Seattle City Light
Mayo-Hunyo 2014

Mula sa general manager

Masuwerte tayo at mayroon tayong malinis at masaganang hydroelectric power. Nakakatulong ito na panatilihing abot-kaya ang iyong bill sa kuryente. Narito ang isang chart na naghahambing ng mga gastusin ng City Light sa iba pang mga lokal na utility.*

Tacoma	6.09
Seattle	6.89
Snohomish PUD	7.90
Portland	9.07
Puget Sound Energy	9.90

Kapag inihambing ang City Light sa 25 pinakamalalaking lungsod sa bansa, tayo ang may pinakakaunting gastos sa lahat ng ito. Ipinapakita rin ng chart na ito ang mga gastusin sa panggitnang saklaw, at ang mga pinakamataas na rate.*

Seattle	6.89
Columbus	9.87
New York City	22.94

*Ipinapakita ang average na cents per kilowatt-hour para sa lahat ng customer (residensyal, komersyal at industriyal); data para sa 2012, ang pinakabagong mga bilang na available.

Nahihirapan ang ilang customer na bayaran ang kanilang mga bill, kaya gusto naming ipaalam ang tungkol sa aming Utility Discount Program. Mababawasan ng mga taong karapat-dapat sa programa ang kanilang gastusin sa utility nang 60 porsyento (www.seattle.gov/light/assistance/).

Ang isa pang paraan upang mabawasan ang mga pagsingil ay ang pagtitipid ng kuryente. Ang isyu ng Light Reading na ito ay nagbibigay ng maraming ideya sa kung paano makakatipid ng kuryente at pera sa pamamagitan ng konserbasyon.
-Jorge Carrasco, General Manager, CEO

Mula sa bubong ng aquarium

Ang pinakabagong Community Solar na proyekto ng City Light sa bubong ng Seattle Aquarium ay nag-i-i-stream na ngayon ng live na data — ang kasalukuyang solar generation pati na rin ang na-generate na kilowatt-hours mula noong ikinabit ang mga solar panel. Subaybayan ang feed na iyon dito: http://tinyurl.com/solarlivedata

Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa Community Solar, makakatanggap ka ng credit sa iyong bill para sa na-generate na kuryente, at ma-e-enjoy mo ang mga matitipid sa

gastusin ng solar nang hindi na kinakailangang magkabit ng sarili mong system. Alamin pa ang tungkol dito sa www.seattle.gov/communitysolar.

Solar sa Seattle? Oo.
Ang programang Solarize Seattle ay tumutulong na gawing madali at abot-kaya ang solar para sa mga customer ng City Light. Ginagawa ang makabagong proyektong ito sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad at mga lokal na contractor.

Nakikinabang ang mga kalahok sa mga libreng workshop, pagbili ng kagamitang solar nang maramihan, at mga opsyon sa pagpopondo. Higit sa 2,000 pamilya ang lumahok sa ilang aspeto ng programa. Sa tulong ng City Light, paparating na ngayon ang Solarize sa West Seattle. Narito ang mga detalye: http://solarizewa.org/get-started.

Mga bayani sa pagtitipid
Ang pagiging pinakamakakalikasang utility ng bansa ay nangangailangan ng pakikipagtulungan, kaya pinupuri ng City Light ang mga customer na ginagawa ang kanilang bahagi:

"Gustong-gusto namin ang hot tub namin, pero pagkatapos naming tumawag sa isang Energy Advisor, nalaman namin na ito ang dahilan kung bakit napakalaki ng bill namin. Binigyan kami ng Energy Advisor ng dalawang tip sa kung paano namin mababawasan ang mga gastusin sa paggamit ng hot tub: gumamit ng timer at bubble cover. Ang payong iyon ay nagdulot ng 10 porsyetong pagtitipid sa bawat bill, o $240 taun-taon." – Anne at Carol

Gusto mo bang makatipid tulad ng isang bayani sa pagtitipid, o may mga tanong ka tungkol sa pagtitipid ng kuryente o sa aming mga programa sa renewable energy? Tumawag sa isang Energy Advisor sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLenergyadvisor@seattle.gov.

Pagpapahusay sa pagbabasa ng mga metro
Tinitingnan ng mga meter reader ng City Light ang mga electric-meter ng mga customer upang makita kung gaano kataas ang kuryenteng nagamit sa loob ng ilang linggo. Ginagamit ang impormasyong iyon upang gumawa ng mga bill sa kuryente. Upang mapahusay ito at makatipid ng pera, binabago ng City Light ang ruta ng aming mga empleyado kapag tinitingnan nila ang mga metro. Bilang resulta, maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa petsa ng pagsingil sa iyo. Maaaring mas marami o mas kaunti ang bilang ng araw sa susunod na panahon ng pagsingil kaysa sa ipinapakita sa kasalukuyang bill, at maaaring may epekto ito sa iyong babayaran. Maaari itong mas mataas o mas mababa kaysa sa karaniwan. Ang unang pangkat ng mga customer na makakakita sa mga pagbabagong ito ay nakatira sa aming nasasakupan sa dakong timog — sa timog ng Yesler Way. Para sa detalyadong mga pagbabago sa schedule, bumisita sa /www.seattle.gov/light/meterroutes/.

Skagit Tours
Magpareserba na para sa iyong bakasyon ngayong tag-init sa North Cascades at maranasan ang Skagit Tours ng City Light. Upang alamin pa ang tungkol dito, bisitahin ang www.skagittours.com o tumawag sa 360.854.2589.

Sa iyong lugar: City Light @ work

May mga crew sa mga lugar na ito, na nagsusumikap na mabigyan kayo ng maaasahang kuryente:
View Ridge, Pioneer Square, SODO, Burien, Seattle, Shoreline,-West Capitol Hill (iba't ibang lokasyon) Bumisita sa www.seattle.gov/light/construction at mag-click sa pulang construction sign para sa mga detalye.

Tip sa kaligtasan mula sa field
"Ang website ng City Light ay mayroong mga payo tungkol sa kung paano magiging ligtas sa paligid ng kuryente, at saka makakapag-download ka ng isang brochure tungkol sa kaligtasan: http://bit.ly/1jZYzuK." - Uzma Siddiqi, electric power systems engineer ng Seattle City Light

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan:
Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
Impormasyon: www.seattle.gov/light o tumawag sa 206.684.3000

Available din ang mga translation ng Light Reading sa Spanish, Vietnamese, Chinese, Somali, Tagalog at Korean: http://www.seattle.gov/light/pubs/lightreading.asp

Ang ginagawa namin sa pangunguna sa pangangalaga sa kalikasan
Bilang isang customer ng Seattle City Light, natatamasa mo ang pinakamalinis at pinakamurang kuryente sa lahat ng malalaking lungsod sa U.S. Sa katunayan, higit sa 90 porsyento ng ating kuryente ay nagmumula sa mga renewable na mapagkukunan at ang karamihan nito ay hydropower.

Higit pa sa hydropower
Itinataguyod ng programang Green Up[1] ng City Light ang bagong[2] pag-generate ng renewable energy na makakatulong sa paglaan ng kuryente sa kinabukasan ng ating rehiyon. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng paggamit sa bayad ng mga customer upang mamuhunan sa mga panrehiyong proyekto sa renewable energy tulad ng geothermal, wind at biogas, at sa pamamagitan ng pagpopondo sa mga lokal na proyekto ng demonstrasyon at edukasyon. Kapag sumali ka sa Green Up, sinusuportahan mo ang malinis at renewable na energy pati na rin ang mga independent na negosyo sa Northwest na gumagawa nito.

Noong 2013, ang kuryente sa Green Up ay nagmula sa sumusunod na mga bagong mapagkukunan ng renewable energy:
64% Geothermal (mula sa Idaho)
14% Dairy Biogas (mula sa Washington at Idaho)
19% Wind (mula sa Washington at Oregon)
3% Maliit na Hydro (mula sa Idaho)

Sa 2014, tinataya namin na ang mga mapagkukunan ng Green Up ay magiging:
60% Geothermal (mula sa Idaho)
12% Dairy Biogas (mula sa Washington at Idaho)
25% Wind (mula sa Washington at Oregon)
3% Maliit na Hydro[3] (mula sa Idaho)

[1] Ipinapakita ng mga bilang na ito ang kunyente na kinontrata naming ibigay. Ang mga aktwal na bilang ay maaaring iba depende sa availability ng mapagkukunan. Magbibigay kami sa iyo ng ulat taun-taon tungkol sa aktwal na halo ng mga pinagkukunan ng kuryente na iyong binili noong nakaraang taon.
[2] Nagmumula ang mga bagong renewable mula sa mga pasilidad sa pag-generate na unang nagsimula bilang negosyo noong Enero 1, 2000 o pagkatapos nito.
[3] Ang mga karapat-dapat na pasilidad sa hydroelectricity ay tinutukoy ng Green-e Energy National Standard at kinabibilangan ng mga pasilidad na pinagtibay ng Low Impact Hydropower Institute; mga pasilidad na run-of-the-river hydropower na may kabuuang rated nameplate capacity na katumbas ng o wala pang 5MW; at mga pasilidad na binubuo ng isang turbine sa isang pipeline o turbine sa isang irrigation canal.

Mga pinagkukunan ng kuryente ng Seattle City Light*

92.4%	Hydro
4.1%	Wind
2.5%	Nuclear**
0.5%	Coal**
0.5%	Iba pa***

* 2012, ang pinakabagong mga bilang na available.
** Kinakatawan ang isang bahagi ng kuryenteng binili mula sa Bonneville Power Administration.
*** Kinabibilangan ng natural gas, biomass, waste, petroleum, mga landfill gas at iba pang mga fuel.

Sumali sa Green Up!
Lumahok sa Green Up sa pamamagitan ng pagbili ng mga block na $3 (200 kWh), $6 (400 kWh) o $12 (800 kWh) bawat buwan, bilang karagdagan sa iyong karaniwang mga pagsingil sa paggamit ng kuryente. Ang average na customer ng Seattle City Light ay gumagamit ng 800 kWh ng kuryente bawat buwan. Para sa mga pangkomersyal na customer, maaaring kalkulahin ang produktong ito upang matapatan ang hanggang sa 100 porsyento ng iyong tinatantyang magagamit na kuryente.

Upang mag-sign up para sa for Green Up, pakipunan ang mga impormasyon sa ibaba, ilakip sa iyong pagbayad sa bill ng City Light, o ipadala sa: Green Up, Seattle City Light, PO Box 34023, Seattle, WA 98124-4023:

Gusto kong suportahan ang malinis at renewable na pag-generate ng kuryente sa Northwest!

- ☐ $3 bawat buwan (bumibili ng 200 kWh)
- ☐ $6 bawat buwan (bumibili ng 400 kWh)
- ☐ $12 bawat buwan (bumibili ng 800 kWh)
- ☐ Kasali na ako, pero gusto ko pang dagdagan ng $ _____ bawat buwan

Lalabas ang iyong paglahok sa Green Up sa iyong regular na bimonthly utility bill.

Pangalan:
Numero ng Telepono:
Service Address:
Lungsod:
Estado:
Zip:
Mailing Address (kung iba sa nasa itaas):
Lungsod: Estado: Zip:
Numero ng Account: Email:

Interesado sa Green Up para sa iyong negosyo? May mga tanong? Tumawag sa 206.684.3800 o bumisita sa www.Seattle.gov/GreenUp.

Pinapatunayan ng programang Green-e Energy™ na natutugunan ng Green Up ang mga minimum na pamantayan sa pagprotekta sa kalikasan at consumer na itinatag ng non-profit na Center for Resourced Solutions. Para sa higit pang impormasyon sa mga kinakailangan sa certification ng Green-e Energy™, tumawag sa 1.888.63-Green o bisitahin ang www.green-e.org.